



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

716E

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG
ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG SETYEMBRE 15, 1997, IKA-
9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Nga Dumalpo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASTAHAN HIO. 061
Taong 1997

KAPASTAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY POLICE SENIOR
SUPERINTENDENT DOMINCO SANCHEZ RODENAS NA ITALAGA
SA SARILING BAYAN NG ROXAS AT SA ROXAS POLICE
STATION ANG APAT NA POLICE OFFICERS NA NGAYON AY
NAKATALAGA SA IBANG BAYAN NG SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang pangangalaga at pagpapantili ng katahimikan at ka-
yusan sa isang bayan ang pangumuhing tungkalin at layunin
ng mga nanungkulang pulisya kung saan sa bayang ito ng
Roxas, Silangang Mindoro ay binubuo ng DALAWAMPUNG (20)
katao lamang para sa iba't ibang gawain at operasyon
ng tanggapan;

SAPAGKA'T ang bilang na ito ay napakaliit kung ihaharbing sa dami
ng populasyon ng bayang ito na ngayong umaabot na sa may
tatlungpu't anim (36,000) na libong tao;

SAPAGKA'T kasabay ng pagdami ng nanamayan ay dumami rin ang mga
pangangailangang serbisyong panlipunan gayundin ang mga
problema ng kaugnay ng mga kaunlarang pang-ekonomiko,
kabilang na rito ang ngayon ay kanser na sa buong kapu-
luan - ang droga;

SAPAGKA'T hindi kayang magampanan ng pulisya ng Roxas ang pagsugo
sa mga krimen na bukod sa kakainti ang taong gumagrap sa
nararaming gawain, ang iba rito ay nasa panahon na ng pagre-
retiro;

SAPAGKA'T higit at lubhang kailangan sa serbisyo sa isang pulisya
ang mga batang dugo tulad nina SPO3 Leonilo Dinatulas,
SPO2 Norberto Dalida, PO1 Rosalinda Mamburan at PO1 Elmi-
rada Vicente na ngayon ay nakatalaga sa ibang bayan ng
lalawigan ito;

leen

Handwritten signature

SAPAKA'T dahilan sa ang mga nabanggit ay buhat sa mga pamilyang permanenteng naninirahan sa bayan ng Roxas, higit silang nakapagbibuhos ng serbisyo sa mga kababayan kailarman at anumang oras ito kakailanganin;

SAPAKA'T ang pagtatalaga sa Polisiya ng Roxas ng nabanggit na mga pulis ay nakatutulong nang malaki upang higit na mapabuti ang serbisyo at maitaas ang moral ng mga miyembro ng istasyong ito.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Ramlfo C. Bernal na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin kay Police Senior Superintendent Domingo Sanchez Rodenas na italaga sa sariling bayan ng Roxas at sa Roxas Police Station ang apat na police officers na ngayon ay nakatalaga sa ibang bayan ng Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang kapasyahang ito kay Police Senior Superintendent Domingo Sanchez Rodenas, PRP Provincial Headquarters, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang mangap na pagpapasya at pag-sang-ayon sa kahilingang ito.

IPINASYA PA RIN na pedalan ng sipi ang Ekg. Gobernador Rodolfo G. Valencio at ang Sangguniang Panlalawigan ng Silangang Mindoro para sa kinakailangang suporta sa kapakinabangan at kabutihan ng mga naninirahan ng Roxas.

Pinagtibay: 15 September 1997

PINATUTUNAYANG WASTO:

[Signature]
VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

[Signature]
JESIE M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

[Signature]
GERACIO I. YASON
Punong Bayan

Received: *[Signature]*
09/24/97

ners/
091797

Rec'd by: *[Signature]*
09-24-97
Valencia